

# Mga Lindol

Natukoy ang mga lindol sa pangunahing 13 peligro na maaaring maganap sa Vancouver.

## Ano ang mga lindol?

Ang surface ng earth ay nakahati sa malalaking bahagi, na tinatawag na mga tectonic plate. Nagaganap ang mga lindol habang ang mga plate na ito ay dumadaan na lagpas o sa ilalim ng isa't isa, na naglalabas ng stress. Ang stress na ito ay sanhi ng paggalaw at pagyanig ng lupa sa ibabaw sa isang lindol.

## Kailan mo aasahang masira ng lindol ang Vancouver?

Ang Vancouver ay nasa pang-araw-araw na peligro ng nakakasirang lindol. Ineestima ng Geological Survey of Canada ang isa sa limang pagkakataon ng nakakasirang lindol sa susunod na limampung taon. Hindi ito usapin ng, pero kung kailan magaganap ang susunod na nakakasirang lindol.

## Ano ang maaaring mangyari kapag may lindol?

Malawak ang saklaw ng mga epekto ng lindol, kabilang ang:

- Pagyanig ng lupa na nagreresulta sa pinsala sa gusali at imprastraktura.
- Malaking pinsala sa mga gusali, potential na nagsusulot sa pagbagsak, mga sunog, pinsala, kawalan ng buhay, at pangmatagalang pag-alis sa tirahan at komersyal.
- Kabilang sa mga gusaling nasa pinakapeligro ay ang mga konkretong medyo mataas at napakataas na mga konkretong tirahang gusali, mas lumang mga ladrilyo na gusali, at mas lumang mga kahoy na gusali ng apartment.
- Mga kalat sa mga bangketa at kalye na nagpapahirap sa paglalakbay.
- Mga pagkagambala sa mga kagamitan sa kuryente, telekomunikasyon, tubig, at imburnal.
- Matagal at mapaghamong pagkukumpuni ng gusali dahil sa matinding pangangailangan para sa pagtatasa ng gusali at mga serbisyo sa kalakalan, kahit na para sa mga gusaling may kaunting pinsala lamang.
- Pinalawak na hindi naa-access ng malalaking bahagi ng mga kapitbahayan. Halimbawa, sa Christchurch, ang pagkordon ay tumagal ng mahigit sa isang taon para sa maraming seksyon ng downtown.
- Malaking pinsala sa imprastraktura, na mahigit na nakakaabala sa buhay at naantala sa pagtugon at mga pagsisikap na makabawi.

## Ihanda ang tahanan mo

Ang malakas na pagyanig ay maaaring magdulot na ang muwebles at mga bagay sa paligid ng tahanan mo ay gumalaw, mahulog, o mabasag. Kahit na umuupa ka, may mga hakbang na magagawa mo ngayon para mabawasan ang pinsala sa tahanan mo:

- Ilagay ang malalaki o mabibigat na bagay sa mas mabababang shelf
- Ilipat ang mga naka-frame na litrato at mga salamin na malayo sa mga kama, sofa, at mga silya
- Gumamit ng double-sided tape o velcro para ikabit ang mga mas maliit na appliance tulad ng mga stereo, telebisyon, o mga microwave
- Ilagay ang mga kama nang malayo mula sa mga bintana

- Maglagay ng ekstrang pares ng matitibay na sapatos sa ilalim ng kama mo para manatiling ligtas mula sa posibleng basag na salamin at mga debris
- Alamin kung nasaan ang patayan ng iyong gas, kuryente, at tubig at alamin kung paano ito papatayin

### **Kumalap ng mga supply**

Kung ligtas ang tahanan mo kasunod ng lindol, ang pinakamahusay na magagawa mo ay manatili sa bahay. Kumalap ng sapat na hindi nabubulok na pagkain, tubig, at mga ibang supply para suportahan ang sarili mo at mga mahal mo sa buhay para sa hindi bababa sa tatlong araw, bagaman ang target mo ay dapat isang linggo hanggang dalawang linggo. Kung may mga supply ka sa camping, magandang paraan ito sa pagsisimula ng iyong pang-emergency kit! Huwag kalimutan ang mga espesyal na bagay ayon sa mga pangangailangan mo (halimbawa, de-resetang medikasyon, formula para sa sanggol, ekstrang pares ng mga salamin at contacts, pagkain ng alagang-hayop at mga supply, ekstrang tungkod at ibang medikal na kagamitan, at iba pa).

### **Tugon sa lindol**

Kapag naramdaman mong yumanig ang lupa o makatanggap ka ng alerto, agad BUMABA, MAGTAKIP, at KUMAPIT:

- Bumaba sa lupa, o kung hindi magagawa, ibaba ang ulo mo sa iyong mga tuhod habang nakaupo
- Takpan ang ulo at leeg mo gamit ang iyong mga kamay at magtakip sa ilalim ng matibay na surface, kung kaya mo
- Kumapit at panatiliin ang iyong posisyon hanggang huminto ang pagyanig

### **Kapag huminto ang pagyanig:**

- Manatili kung nasaan ka at magbilang ng hanggang 60 segundo bago bumangon, bigyan ng pagkakataon ang mga bagay na manatili
- Manatiling kalmado at kumilos nang maingat, tingnan kung may hindi matatag na mga bagay at iba pang mga panganib sa itaas at paligid mo
- Mag-ingat sa mga panganib kabilang ang: basag na salamin at mga debris, mga naputol na linya ng kuryente, sunog, at mga pagtagas ng gas
- Magkaroon ng kamalayan sa potensyal ng aftershocks. Bumaba, takpan at kumapit sa tuwing nararamdaman mong yumayanig
- Kung ang iyong tahanan ay lubhang nasira at hindi ligtas na manatili, dalhin ang iyong grab-and-go bag at lumikas sa isang lugar na mas ligtas.
- Kung nasira ang iyong bahay ngunit ligtas na manatili, manatili sa bahay, at gamitin ang iyong emergency kit
- Tumawag lamang sa 9-1-1 para sa mga emergency na nagbabanta sa buhay, at huwag tumawag para humingi ng impormasyon

## Matinding init

Natukoy ang mga matinding init sa pangunahing 13 peligro na maaaring maganap sa Vancouver.

### Ano ang matinding init?

Ang matinding init ay nangyayari kapag ang temperatura ay umabot sa mga mapanganib na antas. Ang matinding init na mga kaganapan ay karaniwang tinutukoy bilang mga heat wave. Inilarawan bilang isang "tahimik na pumapatay", ang matinding init ay responsable para sa mas maraming pagkamatay na nauugnay sa panahon sa Canada sa isang karaniwang taon kaysa sa anumang iba pang kaganapan sa panahon.

### Kailan ka makakaasa ng matinding init?

Sa Vancouver, ang pinakamainit na temperatura ng taon ay malamang na mangyari mula **Mayo hanggang Setyembre**. Ang init sa Mayo at Hunyo ay maaaring humantong sa mas mataas na panganib ng sakit na nauugnay sa init dahil ang ating katawan ay hindi pa sanay sa init.

Ang Environment and Climate Change Canada ay magdedeklara ng **Babala sa Init** kapag ang temperatura sa araw at magdamag ay mas mataas kaysa sa mga pana-panahong pangkaraniwan at hindi nagbabago. Maaari nating asahan ang 1 hanggang 3 sa mga ito tuwing tag-araw. Ang **Sukdulang Emerhensiya sa Init** ay kapag ang temperatura sa araw at magdamag ay mas mataas kaysa sa mga pana-panahong pangkaraniwan at nagiging mas mainit araw-araw. Ang mga kaganapang ito ay mas bihira at hindi namin inaasahan ang mga ito nang madalas, ngunit patuloy na nagiging mas madalas sa pagbabago ng klima.

### Ano ang maaaring mangyari sa sukdulang iinit?

Ang mainit na panahon, lalo na ang matagal na init o matinding init, ay maaaring magdulot ng sakit sa init o kamatayan. Ang mga sintomas ng sakit sa init ay maaaring mula sa banayad hanggang malubha at nangyayari kapag ang iyong katawan ay hindi kayang palamigin ang sarili.

Ang mga panloob na temperatura ay maaaring mas mataas at mas mapanganib kaysa sa mga panlabas na temperatura. Para sa mga taong madaling kapitan ng init, tumataas ang panganib sa panloob na temperatura na mas mataas sa 26°C. Ang mga temperaturang mas mataas sa 31°C ay maaaring mapanganib para sa lahat.

### Sino ang pinakaapektado ng sukdulang init?

Ang init ay maaaring makapinsala sa sinuman, lalo na sa mga walang mekanikal na pagpapalamig. Ang ilang mga tao ay nasa mas mataas na peligro:

- Ang mga matatandang may edad, 60 taong gulang o mas matanda
- Mga taong nakabukod sa lipunan o mag-isang nakatira
- Mga taong may dati nang kundisyon sa kalusugan gaya ng(diyabetis)diabetes, sakit sa puso o sakit sa paghinga
- Mga taong may sakit sa pag-iisip gaya ng schizophrenia, depression o pagkabalisa
- Mga taong gumagamit ng ilang partikular na gamot, kabilang ang alkohol
- Mga taong may limitadong kadaliang kumilos, mga pinsala sa gulugod, o iba pang mga kapansanan

- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o murang pabahay
- Mga residente ng mga gusali na walang sapat na pagpapalamig
- Mga manggagawa sa mainit na kapaligiran
- Mga taong buntis
- Mga sanggol at mga batang-bata

### Magplano para sa sukdulang init

- Para sa mga mas madaling maapektuhan ng init, magkaroon ng planong pumunta sa isang malamig na lokasyon kung ito ay 26°C o mas mataas sa iyong tahanan.
- Ang lahat ay dapat magkaroon ng planong pumunta sa isang malamig na lokasyon kung ito ay 31°C o mas mataas sa iyong tahanan.
- Mahalagang gumugol ng oras sa mga naka-air condition na lugar tulad ng bahay ng isang kaibigan, shopping mall o organisasyon ng kapitbahayan. Tukuyin ang mga lugar na maaari mong puntahan kung wala kang aircon sa bahay.
- Magplanong matulog sa pinakamalamig na silid sa iyong tahanan, kahit na hindi ito isang kwarto.
- Tukuyin ang mga kaibigan, pamilya, at mga kapitbahay na maaaring mangailangan ng karagdang tulong sa panahon ng matinding init at magkaroon ng planong kumustahin sila.
- Kung nakatira ka mag-isa, humanap ng kaibigan sa sobrang init na kukumustahin ka kapag uminit, at kung sino ang maaari mo ring hingan ng tulong.
- Kung ikaw ay nasa labas sa panahon ng mainit na panahon, magplanong magpahinga sa mga naka-air condition na lugar o sa mga lilim na lugar.
- Bisitahin ang [vancouver.ca/heatinfo](http://vancouver.ca/heatinfo) upang mahanap ang iyong pinakamalapit na malamig na espasyo at mga tip upang manatiling nalalamigan.

### Ihanda ang tahanan mo

- Magkabit ng air conditioner sa bintana sa isang silid man lang o isang heat pump kung magagawa mo ito. Ang mekanikal na paglamig ay kasalukuyang ang pinakamahasay na proteksyon mula sa init.
- Gumamit ng mga thermometer upang tumpak na sukatin at subaybayan ang mga mapanganib na temperatura sa loob ng bahay.
- Maaaring gamitin ang mga bentilador para tumulong na ilipat ang mas malamig na hangin sa labas sa iyong tahanan sa gabi at madaling araw. Hindi kayang epektibong bawasan ng mga bentilador ang temperatura ng katawan o maiwasan ang sakit na nauugnay sa init sa mga taong nasa panganib. Huwag umasa sa mga bentilador bilang iyong pangunahing paraan ng pagpapalamig.
- Maglagay ng mga thermal na kurtina o panakip sa bintana upang maiwasan ang pagpasok ng sikat ng araw sa iyong tahanan sa pinakamainit na bahagi ng araw.
- Magkabit ng mga panlabas na takip o reflective film na humaharag sa araw na tumama sa mga bintana. Ito ay maaaring kasing simple ng paglalagay ng karton sa labas ng bintana.
- Gumawa ng kit para handa ka nang palamigin ang iyong sarili kapag nagsimula itong uminit. Bisitahin ang [vancouver.ca/heatinfo](http://vancouver.ca/heatinfo) para makahanap ng mga tagubilin kung paano gumawa ng sarili mong cool kit.

## Usok mula sa napakalaking apoy at masamang kalidad ng hangin

Ang usok mula sa napakalaking apoy at masamang kalidad ng hangin ay natukoy sa pangunahing 13 peligro na maaaring maganap sa Vancouver.

### Ano ang masamang kalidad ng hangin?

Ang pangunahing dahilan ng masamang kalidad ng hangin at polusyon ng hangin sa Vancouver ay usok mula sa napakalaking apoy, na halo ng mga gas at maliliit na piraso mula sa mga nasusunog na puno, gusali, at ibang materyales. Ang mga maliliit na pirasong ito, na kilala bilang PM2.5, ay maaaring magdulot ng banayad hanggang malalang epekto sa kalusugan kapag nalanghap. Depende sa lagay ng panahon at hangin, ang Vancouver ay maaaring maapektuhan ng usok mula sa napakalaking apoy sa buong Canada at United States, na may usok na posibleng umabot sa daan-daan o libu-libong kilometro ang layo mula sa apoy.

### Kailan nagaganap ang usok mula sa napakalaking apoy?

Ang mga mabilis na kumakalat na apoy na nagdulot ng usok mula sa napakalaking apoy at masamang kalidad ng hangin ay pinakamalamang na maganap mula **Hunyo hanggang Setyembre**. Ang bilang ng mga abiso sa kalidad ng hangin dahil sa usok ng mula sa napakalaking apoy ay tumaas mula noong 2010. Sa pagbabago ng klima na nagreresulta sa pagtaas ng temperatura at mas mahabang mga tuyong panahon, lalo na sa tag-araw, inaasahang magkakaroon ng pagtaas sa dalas at tindi ng wildfire o napakalaking apoy.

### Ano ang maaring mangyari kapag masama ang kalidad ng hangin?

Kasalukuyang walang pananaliksik na tumutukoy sa mga ligtas na antas ng pagkakalantad para sa usok mula sa napakalaking apoy. Nangangahulugan ito na kahit na sa mababang antas ng konsentrasyon ng particulate matter (PM2.5), ang usok mula sa napakalaking apoy ay maaaring makasama sa kalusugan ng lahat. May mas maraming pagbisita sa doktor na may kaugnayan sa hika sa mas mababang konsentrasyon ng usok mula sa napakalaking apoy, na nangyayari nang mas madalas, kaysa sa mayroon sa mataas na konsentrasyon. Maaari kang makaranas ng mga sintomas kung ikaw ay nalantad nang mahabang panahon o kung nakalanghap ka ng maraming mausok na hangin. Ang talamak na usok ng napakalaking apoy ay maaaring magdulot ng mga pangmatagalang epekto sa kalusugan at naipakita na nakakaapekto sa kalusugan ng pag-iisip.

### Sino ang pinakaapektado ng masamang kalidad ng hangin?

Maraming tao ang makakaranas ng mga karaniwang sintomas, ngunit ang ilang tao ay maaaring mas maapektuhan ng usok mula sa napakalaking apoy:

- Mga taong may hika
- Mga taong may chronic obstructive pulmonary disease (COPD)
- Mga taong may sakit sa puso
- Mga taong may diabetes
- Mga taong buntis
- Mga sanggol at mga maliliit na bata
- Mga mas matatandang adult
- Mga taong na-diagnose na may impeksyon sa paghinga

- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o kulang sa pabahay
- Mga taong nakatira sa mga espasyo na walang mekanikal na bentilasyon, air filtration system, o portable air cleaners
- Mga taong nagtatrabaho o aktibo sa labas

### **Maghanda sa masamang kalidad ng hangin**

- Sa mga mausok na araw, magkaroon ng plano na gumugol ng oras sa mga lugar na may mas malinis na hangin o sa mga naka-air condition na espasyo man lang.
- Ang mga espasyo na may air filtration o air conditioning ay maaaring maging bahay ng isang kaibigan, shopping mall o organisasyon ng kapitbahayan. Tukuyin ang mga lugar na maaari mong puntahan kung wala kang malinis na hangin sa bahay.
- Maghanap ng mas malinis na espasyo ng hangin na malapit sa iyo at mga tagubilin sa paggawa ng sarili mong air cleaner sa [vancouver.ca/smokeinfo](https://vancouver.ca/smokeinfo).
- Magkaroon ng plano na bawasan ang iyong pagkakalantad sa usok sa pamamagitan ng pagrelaks sa labas at pagsusuot ng mga mask na maganda ang sukat, lalo na kung ikaw ay mas sensitibo, o bahagi ng isang mahinang grupo, tulad ng mga buntis.
- Kung ikaw o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay may malalang sakit, makipagtulungan sa iyong doktor upang lumikha ng isang plano sa pamamahala para sa mga mauusok na panahon.
- Kung inaalagaan mo ang mga grupo ng mga bata o nagpaplano ka ng mga kaganapan sa labas, tiyaking mayroon kang plano para sa posibilidad ng usok.
- Tukuyin ang mga kaibigan, pamilya, at mga kapitbahay na maaaring mas nasa peligro sa panahon ng usok mula sa mabilis na kumakalat na apoy at magkaroon ng planong kumustahin sila.
- Planuhing subaybayan ang kalusugan ng pag-iisip mo. Kung ramdam mong ikaw ay stressed o overwhelmed, humingi ng suporta. Kontakin ang tagapaglaan mo ng pangangalaga sa kalusugan tawagan ang HealthLink BC sa 8-1-1 (7-1-1 para sa bingi o hirap makarinig) para makahanap ng mga dulugan.

### **Kumalap ng mga supply**

- Gumamit ng portable air cleaner upang i-filter ang hangin sa iyong tahanan kung maaari kang bumili nito. O gumawa ng homemade box fan na air filter na may mga tagubilin sa [vancouver.ca/smokeinfo](https://vancouver.ca/smokeinfo).
- Ang mga maayos ang sukat na respirator, tulad ng isang N95 na mask, ay nagbibigay ng epektibong proteksyon mula sa pinong particulate matter sa usok mula sa napakalaking apoy.
- Ang 3-layer na tela o disposable mask ay nagbibigay ng katamtamang proteksyon ngunit hindi gaanong epektibo kaysa sa respirator. Ang simpleng 1-layer na cloth mask, bandana, gaiter scarf, o t-shirt ay hindi nagbibigay ng proteksyon laban sa usok mula sa napakalaking apoy, basa man o tuyo.
- Anuman ang uri ng mask na iyong ginagamit, ang sukat ay maaaring gumawa ng pinakamalaking pagkakaiba. Gusto mong dumaan ang hangin sa mask at hindi sa mga gilid.
- Kung gumagamit ka ng mga pangsagip na gamot tulad ng inhaler, siguraduhing mayroon kang supply sa bahay at laging dalhin ang mga ito sa panahon ng napakalaking apoy. Magkaroon ng maliaw na planong susundin kung hindi makontrol ng iyong mga pansagip na gamot ang iyong kondisyon.

# Pagbaha sa baybayin at pagtaas ng lebel ng dagat

Ang pagbaha sa baybayin at pagtaas ng lebel ng dagat ay natukoy sa pangunahing 13 peligro na maaaring maganap sa Vancouver.

## Ano ang pagbaha sa baybayin?

Nagaganap ang pagbaha sa baybayin kapag ang mababang lupain ay lumubog sa tubig dagat. Sa Vancouver, karaniwan itong dulot ng kumbinasyon ng mga bagyo at mataas na tide.

## Ano ang pagtaas ng lebel ng dagat?

Ang pagtaas ng lebel ng dagat ay sanhi ng paglawak ng karagatan habang umiinit dahil sa pagbabago ng klima at habang natutunaw ang mga pangunahing imbakan ng yelo mula sa mga glacier at ice sheet. Pagkatapos ng 2050, hindi namin alam kung gaano talaga kataas ang antas ng dagat sa Vancouver. Sa pagsapit ng 2100, ang antas ng dagat ay maaaring tumaas ng 60 sentimetro hanggang mahigit sa 6 na metro. Kasalukuyang inirerekomenda ng Probinsya ng BC ang pagpapalano para sa 1 metro ng pagtaas ng lebel ng dagat sa pagsapit ng 2100, na pinagtibay ng Lungsod.

## Kailan nagaganap ang pagbabaha sa baybayin?

Ang mas mataas tide at matitinding bagyo na maaaring humantong sa pagbaha sa baybayin ay malamang na mangyari mula **Oktubre hanggang Pebrero**. Mahuhulaan natin ang mga petsa ng king tides, ang pinakamataas na tide ng taon, nang maaga. Kadalasan ay mayroon lamang tayong ilang araw ng babala bago ang mga bagyo.

## Ano ang maaaring mangyari kapag may pagbaha?


Ang pagbaha ay maaaring makasira sa mga gusali at kritikal na imprastraktura, magdulot ng pagkawala ng kuryente, makagambala sa transportasyon, at maalis ang mga tao at negosyo sa binahang lugar. Kapag ang kaganapan ay may kasamang malakas na hangin, ang mga alon ay maaaring makaapekto sa mga istruktura sa baybayin, kabilang ang mga pagbagsak ng mga lumulutang na debris tulad ng mga troso laban sa mga pier at iba pang mga istraktura. Ang mga kamakailang pagbaha sa Vancouver ay nagdulot ng matinding pinsala sa seawall ng Stanley Park, Jericho Pier, at Kitsilano Pool, na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar sa pagkukumpuni.

Ang pagtaas ng lebel ng dagat ay nagpapataas ng panganib ng pagbaha sa baybayin at maaaring magresulta sa pagkawala at pagkasira ng mga tirahan at species sa baybayin. Ito ay maaaring magkaroon ng pangmatagalang epekto sa kalusugan at kapakanan ng mga katutubong komunidad, kultura at ekonomiya, lalo na kung bumababa ang mga tradisyonal na pinagkukunan ng pagkain.

## Sino ang pinakaapektado ng pagbaha sa baybayin?

Hindi lahat ay maaapektuhan ng pagbaha sa baybayin. Ang mga mababang lugar sa floodplain ay nasa mataas na panganib sa pagbaha at maaaring makaranas ng pagbaha sa baybayin. Kabilang dito ang Southlands, Fraser River floodplain, at Locarno/Spanish Banks.

Sa pagtaas ng lebel ng dagat, may mas mataas na panganib ng pagbaha sa Granville Island at sa False Creek flats pagsapit ng 2100 na walang mga proteksyon sa baha sa lugar.



Ipinapakita ng mapa na ito ang floodplain na kulay pula, na mga lugar na nasa panganib ngayon at sa hinaharap ng pagbaha. Ginagamit ito para sa mga layunin ng pagpapalano kung paano namin kinokontrol ang paggamit ng lupa at nagtatakda ng mga pamantayan para sa mga kinakailangan sa antas ng pagtatayo sa baha.

### Plano para sa pagbaha sa baybayin

- Kung ikaw ay nakatira o nagtatrabaho sa isang lugar na nanganganib para sa pagbaha sa baybayin, magplano ng ruta ng paglabas sa labas ng kapitbahayan na hindi

ka dadalhin sa mababang lugar.

- Maging handa na lumikas nang maaga o manatili sa loob ng bahay sa itaas na palapag hanggang sa humupa ang tubig-baha.
- Gumawa ng mga grab-and-go na bag para sa lahat sa sambahayan kung sakaling kailanganin mong lumikas.
- I-download ang Alertable upang makakuha ng impormasyong pang-emergency, kabilang ang kung kailan dapat lumikas, nang direkta sa iyong smartphone. Bisitahin ang [vancouver.ca/get-alerts](http://vancouver.ca/get-alerts) o mag-download mula sa app store ng iyong telepono.
- Kung nakatira ka sa floodplain, tingnan kung ano ang saklaw ng iyong insurance.
- Kung mayroon kang negosyo sa floodplain, tiyaking mayroon kang sapat na plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Pag-isipan kung paano ito makakaapekto sa mga operasyon kung ang mga manggagawa ay hindi makakapasok sa trabaho dahil sa pagbaha.
- Kapag nakakaranas tayo ng mga kaganapan sa pagbaha sa baybayin, lumayo sa seawall at malayo sa baybayin, pantalan, at mga pier para sa mga kadahilanang pangkaligtasan.

### Ihanda ang iyong tahanan o negosyo

- Depende sa taas ng iyong tahanan, pag-isipan ang paglipat ng mga mahahalagang bagay at mahahalagang personal na bagay mula sa ground-level na sahig patungo sa itaas na palapag upang maiwasan ang pinsala mula sa pagbaha.
- Gayundin, depende sa elevation ng iyong negosyo, ilagay ang mga server at mahahalagang file sa itaas na palapag upang maiwasan ang pinsala mula sa pagbaha.
- Mas marami pang mga hakbang sa pag-iwas na maaari mong gawin:
  - o Linisin nang regular ang inyong mga kanal
  - o Panatilihin malinis ang mga kalapit na storm drain sa mga debris
  - o Magkabit ng sump pump upang alisin ang tubig
  - o Itaas ang mga appliance at mga saksakan ng kuryente
  - o Maglagay ng mga naka-tile na sahig, mga pinto at drywall na lumalaban sa baha